# Ang sinumang sumaling ng ari niya ay magsagawa ng wuḍū'.

Ayon kay `Urwah na nagsabi: Pumasok ako kay Marwān bin Al-Ḥakam at binanggit namin ang bagay na isinasagawa dahil doon ang wuḍū’ kaya nagsabi si Marwān: At dahil sa pagsaling sa ari? Nagsabi si `Urwah: Hindi ko nalaman iyon. Nagsabi si Marwān: Ipinabatid sa akin ni Busrah bint Ṣafwān na siya ay nakarinig sa Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na nagsasabi: "Ang sinumang sumaling ng ari niya ay magsagawa ng wuḍū'."

[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā’īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Ang kahulugan ng ḥadīth: Nagpapabatid si `Urwah, malugod si Allah sa kanya, na siya ay pumasok kay Marwān bin Al-Ḥakam, na pinuno noon sa Madīnah sa oras na iyon. Ang "at binanggit namin ang bagay na isinasagawa dahil doon ang wuḍū’" ay nangangahulugang ipinaalaala namin at tinalikay namin ang mga nakasisira sa wuḍū' at ang mga gawaing nasisira dahil sa mga iyon ang wuḍū'. Kaya nagsabi si Marwān: "At dahil sa pagsaling sa ari?" Nangangahulugan ito na kabilang sa kadahilanang nagaganap ang pagkasira ng wuḍū' ay ang pagsaling sa ari. Kaya nagsabi si `Urwah: "Hindi ko nalaman iyon." Nangangahulugan ito: Wala akong nalalamang patunay at wala akong kaalaman hinggil doon buhat sa Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan. Nagsabi si Marwān: "Isinaysay sa akin ni Busrah bint Ṣafwān, malugod si Allah sa kanya, na ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagsabi: 'Ang sinumang sumaling ng ari niya ay magsagawa ng wuḍū'.'" Sa sanaysay ni Imām At-Tirmidhīy: "huwag siyang magdasal hanggang sa makapagsagawa siya ng wuḍū'." Ang sanaysay na ito ay isang teksto sa usapin ng pagsaling sa ari ay nakasisira sa wuḍū'. Magkatulad kung ito ay dahil sa pagnanasa o dahil sa hindi pagnanasa at magkatulad din kung sinadya ang pagsaling dito o hindi sinadya, subalit sa kundisyong naganap ang pagsaling nang walang pagdidiit: nang walang nakaharang sa pagitan. Kapag naman ito ay sa likod ng nakaharang, hindi nakaaapekto ang pagsaling niya dahil sa kawalan ng pagkakaroon ng tunay na pagkasaling dahil ang pagsaling ay ang pagdidiit ng bahagi ng katawan sa bahagi ng katawan. Nagpapatunay para roon ang isnaysay ni Imām An-Nasā'īy at iba pa sa kanya: "Kapag pinaabot ng isa sa inyo ang kamay niya sa ari niya habang walang namagitan dito na takip ni harang, magsagawa siya ng wuḍū'." Subul As-Salām 1/97, Fatḥ Dhī Al-Jalāl wa Al-Ikrām 1/260-261, at Tawḍīḥ Al-Aḥkām 1/298.